THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 FREE FLU VACCINE, NAGPAPATULOY!

VOLUME 3 No. 05 Dec. 11, 2023 - Dec. 17, 2023

# AICS: 592 CALAPENOS, GINAWARAN NG TULONG PINANSIYAL MULA SA MGA SENADOR



PATULOY ang pagbuhos ng biyaya para sa Calapan! Tinatayang 592 na mga Calapeños ang napabilang sa Assistance for Individuals in Crisis Situation na ibinaba sa pamamagitan ng DSWD at ng Pamahalaang Lungsod noong ika-11 ng Disyembre. Bawat benepisyaryo ay makatatanggap ng PHP 3,000 na nagmula sa pinagsamang pondo na ipinagkaloob nina Senator Bong Go, Senator Bato Dela Rosa, Senator Lito Lapid, Senator Raffy Tulfo, at Senator Sonny Angara.

Ang naturang AICS ay programa ng DSWD at sa tulong ng mga senador. Ito ay nagiging posible dahil sa patuloy na pakikipag-ugnayan nina City Mayor Malou Flores-Morillo sa mga senador. Katuwang din ng Punong Lungsod ang Serbisyong TAMA Center — sa pamumuno ni Mr. Joseph Dytioco, at ang Community Affairs Office — sa pangunguna naman ni Mr. Avelino Tejada (Thea Marie J. Villadolid/CIO).






THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Nanumpa sa katungkulan sa harap ni Governor Bonz Dolor ang mga opisyal ng Oriental Mindoro Federation of Parent-Teachers Associations (OMFPTA) para sa school year 2023 – 2024 na ginanap sa Tamaraw Hall ng Kapitolyo ngayong araw, Disyembre 12. Paalala ng Gobernador sa mga opisyales na maging inspirasyon sa mga kabataan at maging palagi nang katuwang ng mga bata, ng paaralan at ng komunidad. " Hindi matatawaran ang inyong ambag na oras, panahon at talento sapagkat maglilingkod kayo ng walang hinihintay na kapalit. Umasa kayo na ako bilang inyong Gobernador ay laging handa upang kayo ay tulungan at alalayan", dagdag pa ng Gobernador. Narito ang listahan ng mga opisyal ng OMFPTA: Chairperson – Christopher C. Miralpez – Victoria, Vice-Chairperson – Ferdinand W. Mariano – Bulalacao, Secretary – Nancy A. Castillo – Naujan Treasurer – Teresa M. Mingay – Puerto Galera. Board of Directors Member – Ferdinand M. Bohawe – Mansalay, Member – Ferdinand A. Fremista – Roxas, Member – Yolly C. Lontoc – Bongabong, Member – Bienvenido R. Magadia – Bansud, Member – Allison H. Garcia – Pola, Member – Teresita M. Abranilla – Gloria, Member – Dante R. Ricaro – Pinamalayan, Member – Elmer M. de Castro – Socorro, Member – Allan Q. Duka – Baco, Member – Greg G. Aldaba, Jr. - San Teodoro. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# FREE FLU VACCINE, NAGPAPATULOY!

KALINGA at malasakit ang patuloy na ipinadarama ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at City Councilor, Atty. Jel Magsuci, para sa mga mamamayang Calapeño, maging sa usaping TAMAng Proteksyong Pangkalusugan, kaya naman noong ika-8 ng Disyembre, maagang sinimulan sa Barangay Lalud ang pagsasagawa ng Free Flu Vaccination, na proyekto ng butihing Punong Lungsod, para sa mga Calapeño na naisakatuparan, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Health and Sanitation Department, kung saan ang naturang aktibidad ay pinangasiwaan nina Mr. Christian Alferez, RN (City Nurse) at Ms. Charissa 'ISAY' Flores-Sy (Volunteer). (CIO Calapan)




## ARAW NG PASASALAMAT

UPANG ipadama ang pasasalamat sa lahat ng nakiisa sa pagpapaunlad ng mga Mindoreño at sa lalawigan ng Oriental Mindoro, ipinagdiwang ang Araw ng Pasasalamat — sa pangunguna ni Governor Humerlito "Bonz' Dolor, nitong ika-10 ng Disyembre sa Balai, Mindoro. Personal na dumalo sina Senator Win Gatchalian at Senator Bong Go na parehong kinilala bilang Adopted Son of Oriental Mindoro dahil sa kanilang suporta at inisyatiba sa pagtulong sa ating lalawigan. Hindi naman ito pinalampas ni City Mayor Marilou Flores-Morillo kasama ang iba pang mga Punong Bayan, mga Hepe ng iba't ibang ahensiya, at maging ang mga Barangay at Sangguniang Kabataan Officials. Sa araw na ito, nagbaliktanaw ang Pamahalaang Panlalawigan sa mga programa, proyekto, at imprastrakturang napakinabangan ng mga Mindoreño sa taong ito. Tunay na bumuhos ang biyaya sa Lalawigan ng Oriental Mindoro at hindi natin 'yan maikakaila lalo na't sunod-sunod din ang mga programa at proyektong naging posible dito sa Lungsod ng Calapan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).






THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 05 Dec. 11, 2023 - Dec. 17, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *LIBO LIBRO: TURN OVER OF BOOK DONATIONS, DINALUHAN NG MAYOR NG CALAPAN*




Dumalo si City Mayor Marilou Flores-Morillo at City Councilor Atty. Jel Magsuci sa opisyal na pamamahagi ng mga librong donasyon ng Gov. Arturo Arce Ignacio, Sr. Foundation, Inc., La Salle Green Hills, at Pilipinas Shell Foundation, Inc. sa ilang paaralang elementarya sa Lungsod ng Calapan, ika-7 ng Disyembre sa Gabaldon Hall, Oriental Mindoro National High School. Labis na ikinatuwa ni Mayor Morillo nang makita ang mga libro dahil aniya, mapupukaw nito ang atensyon ng mga bata at puno din ng mga kapupulutang aral. Sa gawaing ito, nakadaupang-palad ni Mayor Morillo sina Mr. Benedict Thaddeus P. Espiritu – Libo Libro Project Lead, former Oriental Mindoro Governor Benjamin I. Espiritu, PhD – GAAISFI Chairman & President, Maezel Cardel – PSFI Program Officer, Arwon Morales – Shell Terminal Manager, Sherwin Yap – PSFI Director for Progams, Rizalino Quedado – Facilities Contract Holder Ph, at Nanette M. Macaguiwa – DepEd Calapan Chief Education Supervisor (Thea Marie J. Villadolid/ CIO)



